Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-07 NG AGOSTO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>*Tagapangulo* |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .............. | Kagawad |
| *Kgg. Eugenio A. Javier, Jr.* | .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .............. | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .............. | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 187-T2002

*KAPASIYAHANG INIREREKOMENDA SA KGG. ISIDRO N. CAMACHO, KALIHIM NG KAGAWARAN NG PANANALAPI, SI GNG. TERESITA ALMARIO BILANG KAHALILI NI GNG. LETICIA R. ALCALA PARA SA POSISYONG PAMBAYANG INGAT-YAMAN-NG SANTA CRUZ, LAGUNA DAHILAN SA KANYANG PAGRERETIRO SA DARATING NA BUWAN NG SETYEMBRE NG TAONG ITO.*

*SAPAGKA'T, nangangailangan ng kapalit kay Gng. Leticia R. Alcala, nanunungkulang* Ingat-Yaman ng bayang ito dahilan sa nakatakdang pagreretiro niya sa darating na buwan ng Setyembre sa taong ito;

*SAPAGKA'T*, may inirekomenda ang sangguniang ito na kasalukuyang nanunungkulan *bilang Assistant Municipal Treasurer* ng bayang ito;

*SAPAGKA'T, sa haba ng panahon ng kanyang panunungkulan simula pa nang taong* 1971, ay napatunayan ang kanyang kahusayan upang maging kabalikat ng Pambayang Ingat-Yaman sa pagpapataas ng antas ng pamumuwisan sa bayang ito.

*SAPAGKA'T*, isa siyang mahusay na kawani at lubos na maaasahan sa pagganap ng *kanyang mga gawain at tungkulin para sa bayan.*

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr. na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na irekomenda sa Kgg. Isidro N. Camacho, si Gng. Teresita Almario bilang kahalili ni Gng. Leticia R. Alcala para sa posisyong Pambayang Ingat-Yaman ng *Santa Cruz, Laguna dahilan sa kanyang pagreretiro sa darating na buwan ng Setyembre ng* taong ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Isidro N. Camacho, mataas ng kapulungan, GSIS Complex, Lungsod ng Pasay, Kgg. Punong Bayan, Gng. Leticia R. Alcala at Gng. Teresita Almario, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang *hakbang.*

PINAGTITIBAY.

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

*NAGPATUTOO:*

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
*Pang. Punong Bayan*
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan